

1

Pinagmasdan niya ang babaeng abogada mula sa malayo. She walked briskly along the sidewalk in front of the courthouse, looking cool and chic in her smart suit. Nakatali ang buhok nito at walang nalalaglag ni isang hibla.

Hinintay niyang makalapit ito sa kanya bago kausapin. “Paumanhin. Ikaw ba si Atty. Geraldine Celis?”

Huminto ito at mataman siyang pinagmasdan. Her eyes, he saw, were brown. “Yes. May maitutulong ba ako?”

Inilahad niya ang isang kamay. “I’m Marco, son of Contessa Bronola.”

Recognition flickered in her eyes. “Oh. May maitutulong ba ako?” muli nitong tanong na iniabot sa kanya ang isang kamay.

Obviously, sanay ang babaeng nilalapitan ng mga taong may problema. Hindi kataka-taka dahil isa itong abogada.

“Gusto kitang makausap tungkol sa proposed

marriage ng Mama.”

She looked humored. “Proposed marriage? The last I heard ay sa susunod na linggo na iyon. Balak kong pumunta at ina-assume kong pupunta ka rin.”

“Wala akong balak at iyon ang gusto kong pag-usapan natin.”

“Na hindi ka nga pupunta? You’ll disappoint Contessa.”

Hawak nito ang isang leather briefcase, at isang slim russet leather purse na nakasabit sa kaliwang balikat. Sinulyapan nito ang wristwatch.

“I have to be in court in fifteen minutes. Pasensya na pero—”

“Okay. Sabihin mo kung kailan tayo maaaring mag-usap,” sagot ng binata.

Geraldine shifted her briefcase from one hand to the other. Kilala niya kung ano si Marco, hindi dahil kaibigan niya ang ina nito kundi dahil isa itong sikat at magaling na investigative reporter.

“Wala akong oras para pag-usapan ‘yan ngayon, Mr. Bronola. At sa totoo lang, hindi ko alam kung bakit kailangan nating pag-usapan ang tungkol sa kasal ni Contessa.”

He took a step toward her. No doubt, she thought, it was an intimidation tactic. Hindi pumasok sa isipan niyang umurong.

“Nagkakamali ka. Tanging ako na lang ang natitira kay Mama, at ikaw, Atty. Celis, ang siyang nagpakilala sa kanya sa isang lalaking nag-iilusyon na mapapakasalan nga niya ang Mama. Bakit mo iyon ginawa? What’s in it for you?”

Umangat ang isa niyang kilay. Muli niyang sinulyapan ang kanyang relo. “Kailangan kong magmadali dahil may hearing pa ako sa isang kliyente. At dahil wala akong oras para magpaliwanag ay ito na lamang ang masasabi ko: nagkakamali ka ng iniisip sa akin. Have a nice day, Mr. Bronola.”

Hindi pinigilan ni Marco ang babae. Ang tanging ginawa niya ay pinagmasdan ang nagmamadali nitong hakbang patungo sa courthouse.

Interesanteng babae, sabi niya sa sarili. Her suit fit her with precision. It was entirely proper, ngunit humahakab iyon sa maliit nitong baywang.

Naisip niyang kakausapin niya itong muli. Ngunit hindi tungkol sa kasal. Dahil walang kasalang magaganap.

Hinihintay ng binata si Geraldine nang sa wakas

ay makabalik siya sa opisina nang hapon ding iyon. Hindi na siya nagulat nang makita itong nakaupo sa reception room habang nagbabasa ng diyaryo. Sa naging pag-uusap nila kaninang umaga, halatang determinado itong makausap siya.

Aminado siyang nagiging curious na rin siya tungkol sa dahilan ng pagparoon ng anak ni Contessa.

Isinara niya ang pinto ng opisina at tinungo ang kanyang sekretarya, isang matandang dalaga na sadyang witty at competent sa trabaho. “Hi, Emma. May nangyayari ba habang wala ako?” tanong niya.

Makahulugan nitong sinulyapan ang naghihintay na lalaki. “Heto ang mga papeles na kailangan mong pirmahan.” Ibinigay nito ang patung-patong na dokumento. “At hinihintay ka ng lalaking iyon. Personal daw ang dahilan ng kanyang pagparito.”

“Okay.” Pagpihit niya ay nakita niyang pinagmamasdan siya ni Marco. *Nice eyes*, aniya sa sarili. Nais niyang malaman kung bakit inaakala nitong may kinalaman siya sa kung anumang gumugulo sa isipan nito.

“Mr. Bronola,” bati niya rito nang makalapit. “Kanina ka pa ba naghihintay?”

“Medyo. Gusto kitang makausap.”

She didn't care for his in-your-face attitude. "I have five minutes to spare. Come in." Pinapasok niya ito sa kanyang pribadong opisina.

Elegante ang opisinang iyon na nasa pinakatuktok ng high-rise building sa Makati. It was furnished in polished mahogany, glistening crystal, and burgundy leather. Pinili nito ang isang wing-backed chair sa harapan ng mesa niya at doon ay kampakanteng naupo.

"So, ano ba ang maitutulong ko sa 'yo?" tanong ng abogada na nang makaupo sa swivel chair ay kaagad na inasikaso ang mga dokumentong bitbit sa pagpasok.

"Lagi mong itinatanong kung ano'ng maitutulong mo sa akin."

"Hindi ko kasi alam kung bakit nais mong makipag-usap tungkol sa kasal ni Contessa." Sa ilalim ng mesa ay tinanggal niya ang suot na high-heels and wiggled her tired feet. Inabot niya ang isang ballpoint pen mula sa sulok ng mesa at isa-isang pinirmahan ang dokumentong pinasadahan ng tingin.

"Atty. Celis—" umpisa nito.

"Tawagin mo akong 'Geraldine.' Gayon ang tawag sa akin ng iyong mama," aniya na hindi nagangat ng tingin.

“Okay then. If that’s what you want.”

“So you were saying...?”

“Nag-aalala ako para sa Mama.”

Napaangat ang tingin niya sa kausap mula sa binabasang dokumento. “Pero bakit? Mukha namang masaya siya ngayon kay Dennis.”

His eyes narrowed slowly. “Ikaw ang nagpakilala sa kanya kay Dennis.”

“Tulad ni Contessa ay kaibigan ko rin si Dennis,” katuwiran niya.

“Obviously.” He crossed his legs, tapped his long fingers on the wooden desk. “Sisikapin kong hindi masayang ang *oras* mo,” anito nang mapansing tumingin siya sa kanyang relo. “Ang gusto ko lang talagang malaman ay ito: Bakit ang isang busy na babaeng tulad mo ay nag-aaksaya ng oras para lang ipakilala ang Mama sa isang nanggangalang Dennis? Kung sinong Poncio Pilato ang Dennis na iyan. Why would you befriend a woman who’s so much older?”

“Ano’ng kinalaman ng edad sa pakikipagkaibigan?” balik niya. “Si Contessa ay isang napakabait at kaaya-ayang babae. I like her.”

“And I love her because she’s my mother. Kaya

nga inaalang ko kung bakit ipinakilala mo sa kanya ang isang estranghero! Estranghero nga si Dennis Mariano sa akin, pero hindi ang Mama. She's worked hard all her life to earn the financial security she currently enjoys. Hindi ako magbubulag-bulagan na lang sa isang tabi at hayaang masira ang lahat."

She smiled at him, too sweetly. "If there's a point here, I'm afraid I'm missing it."

Tumiim ang mga bagang nito. "Huwag kang magmaang-maangan. Hindi mo siguro alam pero mula nang mamatay ang Papa, my mother has a long history of bad relationships."

"She was widowed twice. Bad relationship ba iyong matatawag?"

"Just the same. Nasaktan din siya nang matindi. At isa pa, nagkaroon siya ng di-magandang relasyon kamakailan lang. The man walked away with considerably fatter pockets than before. Ayokong mangyari ulit iyon," pagbibigay-alam nito.

She eyed him deliberately. Nakasuot ang lalaki ng slacks made of heavy-duty khaki, a plaid shirt of blue, tan and rust, a smoky knit tie knotted carelessly at his neck. Brown leather boots ang sapin nito sa paa. *Very masculine*, she thought again. *Pero masyado*

lang na suspetyoso.

“Sabihin mo sa akin, bakit mo iniisip na isang gold digger si Dennis? Hindi mo pa nga siya nakikilala,” pagtatanggol niya sa kaibigan.

“Ilang beses ko nang sinubukang makipagkilala, makipagkita sa kanya pero lagi siyang may alibi. As to your question... isang part-time helper siya sa isang restaurant, at halos dalawang buwan pa lamang nitong nakikilala ng Mama.”

Nagulat siya sa narinig pero hindi nagpahalata. “Ano’ng masama sa pagiging trabahador? Marangal naman iyong trabaho.”

“Ang masama ay ang katotohanang ang Mama ang susuporta sa kanya pagkatapos ng kasal!”

Huminga nang malalim si Geraldine. “Nagkakamali ka ng inaakala. Hindi mo alam ang sinasabi mo.”

“Siyanga?” hamon nito.

“Look, Marco... kung maaari nga kitang tawaging ‘Marco’? It’s a long day and I’m getting tired of this conversation... Pumunta ka sa bahay sa Linggo ng gabi.”

“Bakit?”

“Iniimbitahan kita sa isang dinner. Iimbitahan ko rin sina Dennis at Contessa. Gusto kong malinawan ang issue na sinasabi mo.”

His brows rose, causing his forehead to crease. “At bakit mo iyon gagawin?”

“Tulad nga ng sinabi ko, mabuti kong kaibigan ang dalawang iyon, lalo na si Contessa. Kahit pa pinag-iisipan mo ako ng masama, kahit iniisip mong I have some sort of kickback when I introduced those two to each other, nais ko pa rin itong gawin alang-alang man lang kay Contessa.” Isinulat niya ang sariling address sa isang kapisasong papel, kumuha rin ng isang calling card at iniabot dito. “Alas siete ng gabi, Marco. Aasahan ko ang pagdating mo.”

2

Linggo ng gabi. Malakas ang buhos ng ulan nang sa wakas ay ipinarada ni Marco ang sasakyan sa harapan ng bahay ni Geraldine. Quince minutos bago mag-alas-siete ay nandoon na siya.

Ang inaasahan niyang makikita ay isang condominium, o di kaya nama'y isang modernong buhay na tulad ng mga nauuso ngayon. Inasahan niyang yari iyon sa primera-klaseng kagamitan, with huge windows providing spectacular views of the city, trendy art on the walls, and in an elegant dining room, colored meal served on fine china.

Nasorpresa talaga siya nang makita ang isang maliit, wooden, one-storey house. Napakaraming halamang bulaklak sa paligid niyon at may isang duyan pa sa lilim ng isang mayabong na puno. Tila isang resthouse iyon sa gitna ng siyudad.

Imbis na doorbell ay isang knocker ang nakalagay sa front door. He double-checked the address before he knocked, then waited impatiently.

Hindi na siya makakapaghintay pa. Napag-isipan na niya ang dapat gawin sa susunod na mga oras.

Ipapakita niya kay Contessa kung anong uri ng lalaki ang nais nitong pakasalan. Nitong nagdaang mga linggo ay hindi siya masyadong nakakabisita sa ina dahil abala siya sa trabaho. At isa pa, mayroon siyang sariling condo unit na tinutuluyan. Naisip niyang mainam itong pagkakataon upang makumbinsi ang ina.

Mayamaya ay nagbukas ang pinto. Iniluwa niyon si Geraldine, a welcoming smile on her face. “Magandang gabi, Marco. Tuloy ka.”

Napakurap siya, at muling tinitigan ang babaeng sa pakiwari niya ay ibang-iba ang hitsura kaysa noong isang araw.

Keeping his gaze glued on her, he entered the house.

Lahat dito ay nagbago. Instead of her usual bun, her hair hung loose over her shoulders. Tila napakalambot niyon at nais sana niyang hawakan. Nakasuot ito ng yellow dress na umaabot hanggang tuhod.

Nauna na itong naglakad upang bumalik sa kusina, her feet in ballet slippers, the hem of her dress drifting out around her flawless, milky-white legs. Sinundan niya ito, inhaling the scent of spices,

honey and vanilla.

“Tumawag sina Dennis at Contessa. Mahuhuli daw sila ng ilang minuto dahil sa malakas na ulan,” untag ng dalaga.

Tumango siya. Hindi niya maialis ang tingin dito. She looked fragile and womanly, all soft curves and enchanting femininity.

Pilit niyang ibinaling sa ibang bagay ang paningin. Pinagmasdan niya ang loob ng bahay nito. Hardwood floors waxed to a rich gloss, furniture with plump cushions and needlepoint pillows. May kurtina sa bawat bintana.

Nakarating siya sa kusina. Kasalukuyan nitong hinahalo anuman ang niluluto sa stove.

“Would you like some wine?” alok nito.

Muli siyang tumango.

Nagsalin ito sa isang wineglass. “Ako ang gumawa ng strawberry wine na ‘to.” Iniabot nito iyon sa kanya, at pagkatapos ay binalikan ang niluluto.

The wine tasted magical—just as Geraldine appeared tonight. Hindi siya makapaniwalang ito ang may gawa niyon.

“Nagustuhan mo ba?”

“Oo. Ang sabi mo, ikaw ang gumawa nito?”

She smiled, a genuine smile. “Tama. It’s a hobby of mine.”

Hindi alam ng binata kung dahil sa alak o sa ngiti ni Geraldine kaya iba ang kanyang pakiramdam. She made her hobby sound so commonplace. He mentally shifted gears. “Ang sabi mo, mahuhuli ng dating sina Mama?” Hindi niya ito nakitaan ng relo sa braso.

“Oh, they’re running a little late. Pero parating na ang mga ‘yon...”

Umupo siya sa isang silya, patingin-tingin sa paligid. Sa isang suspended rack ay nakasabit ang bundles of rosemary and mint. Sa tabi ng stove, a hook held a fragrant, exuberant wreath of oregano leaves, katabi niyon ang isang gunting na nakasabit sa isang gross grain ribbon. Mula sa glassdoors ng cupboard ay makikita ang mga jars ng pickles, carrots at squash. Here and there were braids of onions, garlic and red chilis. Dried flowers trailed down the walls. “Bahay mo talaga ito?” paniniguro niya.

“Bakit mo naman natanong ‘yan?”

“You have to admit, napakalayo ng pagkakaiba

nito sa ‘yong opisina. Parang dagat at disyerto. Parang ikaw... Hindi ikaw ang babaeng nakilala ko n’ung isang araw.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Mukha kang relaxed ngayon. You look different, too.” *You’re more beautiful.*

Pumihit itong paharap sa kanya, kumunot ang noo. “Ang tanging pagkakaiba lang ay narito ako ngayon sa bahay ko imbis na sa opisina. This is the way I live when not at work.”

”Ah,” aniya na tatangu-tango.

She brushed past him, and he caught a scent of cinnamon and vanilla mixed with other intriguing spices. And honey.

Sino ba talaga si Geraldine Celis? Napapaisip siya nito kahit ayaw niya. Hindi naman ito isang news story para pag-ukulan niya ng interes, at pagkatapos pa nga ng gabing ito ay hindi na muling makikita. But still, she intrigued him.

Mula sa malaking oven ay kinuha nito ang dalawang homemade bread, inilagay ang mga iyon sa basket matapos balutan ng red and cream gingham cloth.

“Are you dating someone at present?” walang anu-anong tanong nito.

Napahinto siya sa pagsasalin ng alak sa baso.
“Excuse me?”

“Tinatanong ko kung may karelasyon ka.”

“Bakit mo tinatanong? Are you propositioning to me?”

“Hardly. Pero mayroon akong mga kaibigan na matutuwang makilala ka.”

“Talaga?”

Nagkibit-balikat ito. “I enjoy matching people.”

“Nagbibiro ka ba?”

“Bakit ako magbibiro? Actually, I’m very good in matchmaking. Most of my matches end up in marriages.”

“Kaya mo ba ipinakilala si Mama sa Dennis na ’yon? Dahil naniniwala kang magaling ka sa matchmaking?” *I can’t believe it*, sarcastic niyang sabi sa sarili. Ipinatong niya ang kopitang hawak sa mesa.

“Sa palagay ko magiging masaya silang dalawa. I’m rarely wrong, which is why I think I could find you someone. May kakilala akong freelance writer

at sa tingin ko magkakasundo kayo sa maraming bagay. Meredith has published several short stories.” Pinagmasdan nito ang iritado niyang anyo. “Oh, at mahilig nga pala siya sa romance movies. Ikaw ba?”

“Nope!”

Nagkibit-balikat ito. “Kunsabagay, baka nga hindi mo tipo ang gaya ni Meredith. Hmm... let’s see... Alam ko na, Jessica Morales. Isa siyang nurse. Mahilig siya sa pet animals.

“I’m allergic to them.”

“Gan’un ba? Pero siguro naman mahilig ka sa art? May kilala akong—”

“Hindi ako interesado.”

“Aw, come on, Marco...”

“Bakit hindi na lang ikaw?” prangkang sabi niya.

“What? Bakit ako?” anito na nagtataka.

Hindi gusto ni Marco ang kaswal na pagtrato ng abogada sa kanya. Ang pagrere to nito ng ibang babae sa kanya ay tila nakakairita. “Bakit hindi mo na lang gawin sa sarili ang pagrere to? O kaya naman, sarili mo na lang ang ireto sa akin. Ano sa palagay mo?” Inabangan niya ang magiging reaksyon nito.

Muli itong nagkibit-balikat. “My talents don’t extend to me.”

“Ows? So hindi ka nakikipag-date?”

“Of course I do. Paminsan-minsan...” She absently picked up a wooden spoon, then set it down again.

Mabuti, sabi niya sa sarili. Ngayon ay uncomfortable na ito. “Tell me about yourself,” udyok pa niya upang dagdagan ang discomfort na nararamdaman ng babae.

“There’s nothing interesting to tell.” Nagsisimula nang mairita si Geraldine sa itinatanong ng lalaki. Minabuti niyang i-distract ang sarili. Hawak ang isang gunting ay tutunguhin niya sana ang nakasabit na rosemary upang ilagay sa nilulutong soup. Ngunit nang mapadaan sa harapan ni Marco ay hinila siya nito sa braso at iniupo sa kandungan nito.

“Don’t walk away from me. Please.”

Nabigla siya sa bilis ng pangyayari, she answered without thinking, “Pero ang niluluto ko...”

“A good hostess tries to please her guest. So, Geraldine, how about pleasing me?” Mababa at paos ang tinig nito.

“Marco...” Nanghihina ang kanyang boses. His

thighs were hard beneath her.

“Lagi mong itinataong kung ano’ng maitutulong mo sa akin. Ngayon mo ako tanungin. I’d be happy to tell you.” He nuzzled her neck and inhaled her scent. Wala sa mga plano ng binata ang gawin iyon. He was acting on instinct and need. Instinct and need to discover how she would feel in his arms, how she would taste on his lips. Dahan-dahan niyang pinagapang ang mga labi sa leeg nito, pataas, savoring its flavor, its feel. Nakaramdam siya ng pagbubunyi nang marinig ang pigil na pag-ungol ng dalaga. Ayaw niyang tumigil sa ginagawa. Hindi niya kaya. Nagpatuloy siya sa pagsakop sa mga labi nito.

Hindi niya inaasahan ang reaksiyon ni Geraldine. Fragile and supple, she sank against him, all womanly desires and heat. Hindi ito tumanggi, hindi umurong. Bagkus ay umawang ang mga labi upang tanggapin ang kanyang halik. She returned his kisses with equal intensity. He was shaken to the core.

She couldn’t believe what was happening to her. Nanlalamig siya, nag-iinit ang buo niyang katauhan. Mabilis ang tibok ng kanyang puso at tila mabibingi siya sa lakas ng kabog niyon. Gusto niya ang lalaki. If not, why then was the yielding so easy?

Ipinulupot niya ang braso sa leeg ni Marco,

hinaplos ang batok nito....

Sumingit sa mainit na sandali ang mga katok sa pinto.

Noong una ay hindi niya iyon narinig. Masyado siyang absorbed sa sensasyong dulot ng halik ng binata. Pero narinig nito iyon.

Dahan-dahan itong tumigil sa ginagawa. He brushed back her hair from her face.

“Dumating na sila.”

“Oo,” pagsang-ayon niya. “Bubuksan ko ang pinto.”

Ngunit hindi siya kumilos, nanatili lamang sa kinaroroonan. Pinagmasdan niya ang mukha ni Marco, ang maiitim, namumungay nitong mata.

Bakit nga ba niya hinayaang mangyari iyon?

“Pagbubuksan ba natin sila or shall we just ignore them?”

Para siyang nabuhusan ng malamig na tubig. Hurriedly, she rose and went to the door. Anuman ang nangyari, hindi niya hahayaang mangyari iyong muli.

Mabuti na rin at dumating na ang mga bisita. They would no longer be alone.

3

Sina Contessa at Dennis na nga ang dumating. Binati ni Geraldine ang mga bagong dating. “Pasok kayo sa loob bago pa mabasa ng ulan. Pasensya na kung medyo natagalan ako sa pagbubukas ng pinto.”

“That’s all right, Geraldine,” sabi ni Dennis, bahagyang gumilid upang paunahin sa pagpasok ang ina ni Marco. He and Contessa made a perfect pair. Elegante at may hitsura pa rin si Dennis sa kabila ng edad nitong sienta y cuatro. At ang biyuda ay kaaya-ayang tingnan sa suot nitong rose-colored dress.

“May silong naman, eh,” anang matandang babae. “At isa pa hindi kami asukal na matutunaw sa patak ng ulan.”

Dennis let out a boom of laughter. “Ako, siguradong hindi matutunaw. But you might. You’re one hundred percent sugar.”

Namula ang mga pisngi ni Contessa. “Dennis!”

Muli itong tumawa. Malakas iyon at mataginting, puno ng buhay. Inakbayan nito si Contessa. “Nakikita mo ba, Geraldine, kung bakit mahal na mahal ko ang babaeng ito? She’s innocent enough to blush,” baling

nito sa abogada na ngayon ay nakangiti na.

“Yes, she is innocent,” sabat ni Marco, walking into the hallway. “Mama.” He extricated her from the other man’s hold and bent to kiss her.

Tinanggap nito ang halik na iyon, ngunit halatang pinatitigas nito ang anyo. “Galit pa rin ako sa ’yo, Marco.

Kung tutuusin ay hindi kita dapat kinakausap ngayon.”

“Alam ko, Mama. Masama pa rin ang loob mo dahil sa huli nating pag-uusap.”

“Mabuti na lang at sadyang mahal kita. At isa pa, ayokong sirain ang dinner na inihanda ni Geraldine para sa ating lahat.”

“Suwerte pa rin ako kung gayon.”

Relenting, she reached up and patted his cheek. Nakangiti si Marco at isa iyong rebelasyon para kay Geraldine. Sino nga ba ang mag-aakala na may itinatago itong sweetness?

“Pasensya na kung nahuli kami. Has Geraldine been taking care of you?” tanong ni Contessa.

“Oh, excellent care. Excellent.” Sinulyapan siya

nito, nais makita kung may kapasidad pa siyang mag-blush tulad ng isang sensitibong babae.

Napasulyap siya sa binata, ang mukha at leeg ay namumula na ngayon.

“Tayo na at naihanda ko na ang hapunan,” sabi niya na nauna nang nagtungo sa kusina.

Pagpasok nila sa dining room ay iuurong na sana ni Marco ang isang upuan para sa ina. Ngunit naunahan ito ni Dennis.

Saktong papasok sa dining room si Geraldine, hawak ang malaking mangkok ng umuusok pa ring stew. “Sigurado akong gutom ka na, Dennis, pagkatapos ng trabaho sa restaurant.”

“Nahulaan mo,” sang-ayon ng matandang lalaki.

Nagsalita si Marco, polite enough, but Geraldine wasn't fooled. “Sigurado akong nakakapagod nga ang magtrabaho sa restaurant.” Wala siyaug ma-detect na sarkasmo sa tinig nito, ngunit alam niyang naroon lamang iyon.

Tinugon ito ni Dennis sa banayad na tinig. “It's work I enjoy. Pinasok ko ang trabahong iyon dahil naiinip ako sa bahay. Nakakalungkot dahil wala naman akong kasama d'on. Dahil sa trabahong 'yon

kaya naaaliw ako sa pakikisalamuha sa ibang tao.” Nilingon nito si Contessa, ngumiti. “Pero ngayong kasama ko na ang pinakamagandang babae sa balat ng lupa, gusto ko sana, hanggang maaari ay makasama ko siya sa lahat ng oras.”

Hinawakan ng nobya ang kamay nito. “You’re so sweet, Dennis.”

Iritadong pinagmasdan ni Marco ang dalawa, grimacing as sugar fairly coated the air. Minabuti niyang magsalita na, “Pero kung magbibitiw ka sa trabaho mo, paano mong masusuportahan ang Mama?”

Nabigla si Contessa sa kanyang sinabi. “Marco, iniisip mo bang masusuportahan ako ni Dennis sa kita niya sa restaurant bilang helper?”

“Sa totoo lang, hindi talaga. Kaya nga ako nag-aalala dahil—”

“Heto na ang stew,” agaw ni Geraldine na inilagay ang tureen sa gitna ng mesa. Napakunot-noo na lamang si Marco dahil naantala siya sa anumang sasabihin nito.

He focused his gaze on her as she served each guest in turn. Candlelight dinner iyon kaya sa pagkakatitig niya ay tila glowing ang aura ng babae.

Naalala niya ang nangyari sa kanila kani-kanina lang. She had felt so damned good on his lap, and her mouth beneath his had hardened him to the point of pain.

Sa kabilang panig ng mesa ay kinausap siya ng ina. “Mabuti na lang at pumayag kang mag-dinner dito sa bahay ni Geraldine. Matagal ko nang gustong ipakilala sa ’yo si Dennis.”

“Ginusto ko ring makilala siya agad, Mama. Sa totoo lang ay ilang beses ko nang sinubukang makipagkita sa kanya.”

“Yes, I know,” singit ni Dennis. “At humihingi ako ng paumanhin dahil hindi kita agad napagbigyan. Napakaabala ko kasi nitong mga nakaraang araw.”

“Akala ko ba wala kang masyadong magawa sa bahay mo?” balik niya.

“Iyon ay nang hindi ko pa nakikilala ang iyong mama.” Muli nitong nginitian si Contessa. “Pero ngayong malapit na kaming ikasal ay napakarami nang dapat asikasuhin.”

Sa opinyon ni Marco ay isang smooth customer si Dennis. Kahit gusto na niyang derechahin ang nais sabihin ay hindi niya magawa. Obviously, it’s three against one kapag ginawa niya iyon. Kampi rito ang

dalawang babae.

“Tikman mo ang stew,” alok ni Geraldine na naupo sa kanyang tabi. Her voice sounded like warm honey. “Wala ka pang kinakain.”

He took a bite, then another. Hindi lang iyon amoy-masarap kundi masarap talaga. “Sino’ng gumawa nito?”

Si Contessa ang sumagot, tumatawa. “Siyempre’y si Geraldine! Napakagaling magluto ng batang ’yan at halos lahat ng gulay ay nanggaling sa kanyang garden.”

Tiningnan niya ang dalaga. “Mayroon ka sigurong hardinero.”

She smiled as if she understood his skepticism, “Mayroon nga, at ako iyon. I enjoy gardening as much as I enjoy puttering around the house.”

At ang akala niya ay nagbabayad ito ng ibang tao upang gawin ang gayong klaseng trabaho. Muli niyang ibinaling ang atensyon kay Dennis, or else, mawawala ang kanyang konsentrasyon. “You have a daughter?”

“Oh, yes. Tuwang-tuwa nga siya nang ibalita ko sa kanyang ikakasal na ako. Alam niya kung gaano

akong nalulungkot na mag-isa.”

“Gayundin ang Mama. She’s worked hard all her life at gusto kong maging masaya siya sa kanyang pagtanda at—”

“Siyempre naman, Hijo. That is, when I get old. Sa ngayon ay ini-enjoy ko ang aking golden years.”

“Tama ka, Mama. Ang iniiwasan ko lang na mangyari ay maloko ka ulit ng isang lalaki. Ang lalaking ‘yan... sigurado akong hindi siya naiba sa huli mong nakarelasyon.”

Natahimik ang dalawang babae. A faint smile was on Geraldine’s face. Hindi niya iyon maintindihan.

Samantala, napaawang ang mga labi ni Contessa.

Ani Dennis, “Contessa, hindi mo nabanggit sa akin na iniisip ni Marco na pera mo lang ang habol ko.”

Sumimangot ang matandang babae. “Hindi ko rin alam. Sa totoo lang ay hindi ko ‘yan naisip. Alam kong hindi siya sang-ayon sa magaganap na kasal pero hindi ko alam na...”

Inabot ni Marco ang kamay ng ina. “Mama, ang kapakanan mo lang ang iniisip ko.”

She withdrew her hand and threw a hard gaze at him. “Alam ko ang ginagawa ko, Marco. Kailangan mong humingi ng paumanhin kay Dennis.”

“Hindi na kailangan. Humahanga pa nga ako kay Marco dahil ang kapakanan mo lang ang iniisip niya. Halatang mahal na mahal ka ng iyong anak.”

Napangiti si Contessa. “Napakabuti mo, Dennis. I don’t know what I did to deserve you.”

Napapalatak si Marco, inihagis ang table napkin dahil sa pagkadisgustong nararamdaman. “Give me a break! Ako lang ba talaga ang nakakakita sa totoong motibo ng taong ‘yan?”

Magsasalita sana si Geraldine, subalit naunahan ito ni Dennis. Itinaas nito ang magkabilang kamay sa ere. “Marco, ano ba ang gusto mong marinig para lang matahimik ang loob mo?”

“Sabihin mo sa Mama ang katotohanan at palayain mo siya mula sa engagement ninyong dalawa.”

“Pero alam niya ang katotohanan, wala akong intensyong palayain siya. Kapag ginawa ko iyon ay para naman akong tanga. And I’m not stupid.”

Nagkatitigan ang dalawang lalaki mula sa

magkabilang panig ng mesa. Pabalik-balik ang tingin ni Contessa sa mga ito, her expression worried.

Napatitig na lamang si Geraldine sa kisame. “Dennis, sabihin mo na lang kay Marco ang katotohanan. Sabihin mo kung gaano ka kayaman.”

Sumimangot si Contessa. “Pero hindi naman iyon kailangan pang ungkatin.”

“Siguro nga pero ‘yon lang ang naiisip kong paraan para mapaniwala ang anak mo.”

“Ano’ng ibig n’yong sabihin?” nahihiwagaang tanong ni Marco.

“Pinag-uusapan nila kung gaanong pera ang nasa pangalan ko,” sabi ni Dennis.

“Darling, hindi mo ito kailangang gawin,” salag ng biyuda. “Alam kong napaka-private mong tao at—”

He reached over and tapped her hand. “Oo nga, pero kung ang kapalit ng pagtatapat ko ay ngiti sa iyong labi, it will be worth it.” Mataman nitong tiningnan si Marco, his tone was almost apologetic. “You see, I’m worth millions.”

“Millions?” ulit niya, hindi sigurado kung tama ba ang kanyang narinig.

“Tama. In fact, hundreds of millions.”

He stared at the older man, dumbfounded. Habang nakatingin sa kanya si Geraldine ay nakadama ito ng simpatya sa pagkapahiyang inabot niya. Alam nitong ginawa lang niya iyon dahil sa pagmamahal sa ina.

“Sino ka bang talaga?” tanong ng binata kay Dennis. “Hindi pamilyar sa akin ang pangalang Dennis Mariano.”

“Sinadya ko iyon. Hindi ko kasi gusto ang anumang publisidad. Ilang taon na ang nakararaan ay itinayo ko ang *Dennis’ Diner*, mula noon ay mahigit limampu na ang naipatayo kong branches.”

“*Dennis’ Diner*? Hindi ba’t doon ka nagtatrabaho ngayon?”

“Sinabi ko na sa ‘yo. I enjoy the work, and it gave me something to do with my time.”

Napasandal si Marco sa kanyang upuan at nagbuga ng hangin. Makailang ulit niyang ginawa iyon. pagkatapos ay ibinaling ang tingin kay Geraldine, ang kanyang mga mata ay naniningkit, nagbubuga ng apoy. “Sinadya mong mapahiya ako.”

Kaagad naglaho ang lahat ng simpatyang

Guilty Pleasures - Olivia Ray

naramdaman ng dalaga para sa kanya.

4

“No one set you up, Marco,” prangkang sabi ni Geraldine, malamig ang tono.

“N’ung una pa lang, dapat sinabi mo na sa akin ang tungkol sa pagkatao ni Dennis!” sumbat nito.

“Maniniwala ka naman kaya kung sabihin ko sa ‘yo ‘yon? You seem so convinced that Dennis is a fortune hunter, mas mabuti kung ikaw mismo ang makakilala sa kanya nang personal.”

“At isa pa,” singit ni Contessa, “hindi niya kailangang sabihin ang bagay na ‘yon sa ‘yo. Gusto lang niyang makatulong.”

“Walang kasalanan si Geraldine,” ani Dennis. “Kasalanan ko ang lahat. Kung sana’y nakipagkita ako sa ‘yo nang mas maaga, Marco, hindi mangyayari ito.”

“And she did prepare this lovely dinner,” segunda pa ni Contessa. “Inimbitahan niya tayo dito upang maliwanagan ang lahat ng mga bagay-bagay.”

Nagsalita ang dalaga, amusement heavy in her tone. “Hindi ninyo ako kailangang ipagtanggol. Siguro naman ay magiging mahinahon na si Marco

this time, at ititigil na niya ang pagsasalita ng kung anu-ano.”

Marco couldn't take his eyes off Geraldine. Maaaring mukha itong anghel, or as if she was made of pure honey and in certain ways to be as intoxicating as her homemade wine, ngunit pakiwari niya ay may pinagmumulan ang galit niya rito ngayon. Ginawa siya nitong katatawanan sa harap nina Dennis at Contessa, hindi niya gusto ang pakiramdam niyon. Yet he had this urge to kiss her in a punishing way.

“Para sa ikatatahimik ng isipan mo,” sabi ni Dennis sa kanya, “ikasisiya kong pirmahan ang isang prenuptial agreement. Under no circumstances would I ever touch your mother's money.”

Simpatya ang nakita niyang emosyon kay Geraldine. Hindi niya gustong kinakaawaan. Ibinaling niya ang atensyon sa matandang lalaki. “Magandang ideya ‘yan, at siguro matutulungan tayo ni Geraldine sa usaping ‘yan.”

“Handa akong tumulong sa paghahanda ng agreement, kung ‘yan ang gusto ng lahat.”

Umiling si Contessa. “Hindi ko pipirmahan ang dokumento. ‘Yan na yata ang pinaka-unromantic na agreement na nalaman ko sa tanang buhay ko.”

Hinawakan ni Dennis ang kamay ng mapapangasawa. “Iniisip lang ni Marco ang ikabubuti mo. Napakapraktikal, Honey.”

Matiim na pinagmasdan ni Contessa ang lalaki. “Takot ka bang baka pera mo lang ang habol ko?”

“Siyempre’y hindi.”

“At hindi rin ako takot na pera lang ang habol mo sa akin. I think that’s all we need to know, ano sa palagay mo?”

Tumango si Dennis bilang pagsang-ayon. “Sa palagay ko, tama ka. At isa pa, hindi natin kayang ubusin ang pera ko mabuhay man tayo ng ilang beses sa mundo.”

Hinarap ni Contessa ang anak. “Hijo, no prenuptial agreement. Maintindihan mo sana ang desisyon ko.”

Itinaas ni Marco ang magkabilang kamay, tanda ng pagsuko. “Kung iyan ang desisyon mo, Mama, wala akong magagawa. As of this moment, I’m officially butting out.”

Aware of her duties as hostess, napangiti si Geraldine. “Wonderful. Ngayon ay balikan na natin ang pagkain.”

Pagkatapos ay pinag-usapan nina Dennis at Contessa ang nalalapit na kasal, and Geraldine did her best to join in. Ngunit natuklasan niyang hindi siya gaanong makapag-concentrate sa usapan. Na kay Marco ang kanyang atensyon. Nagsasalita rin ito paminsan-minsan, his comments always polite and appropriate. Dahil dito ay nawala ang alalahanin ng sarili nitong ina.

Ngunit sa kabila ng lahat ay may nararamdamang galit ang dalaga mula kay Marco, ngunit pilit nito iyong itinatago. Alam niyang para sa kanya ang galit na iyon.

Naiintindihan niya ang nararamdaman nito. Pakiwari nito ay pinagmukha niya itong tanga sa harapan nina Dennis at Contessa. Kailangan nito ng mapagbubuntunan ng galit; masyado nitong mahal ang ina upang kagalitan pa pagkatapos ng lahat. She's the next best candidate and she could feel a storm coming.

Masayang nagpaalam ang dalawang matanda kay Geraldine pagkatapos magpasalamat ng mga ito sa dinner invitation niya. Pinili naman ni Marco ang magpaiwan.

Isinara niya ang pinto at hinarap ang binata. “Okay, bago mo ako simulan, gusto mo ba ng maiinom? Perhaps a cup of coffee or a glass of wine?”

“Wine.” Dapat ay kape ang hiningi nito at hindi alak, nais nitong malinaw ang isipan habang nakikipag-usap sa babae.

“Fine. Maupo ka muna sa sala.” Saglit na iniwan niya ito upang magpunta sa maliit na bar.

Dala ang isang tray na may lamang alak at dalawang glasses, bumalik siya sa living room. Naupo siya sa katapat nitong upuan matapos ilapag sa harapan nito ang isang baso. “Well?”

“Well what?”

“Alam kong galit ka sa akin.”

Ibinaba nito ang hawak na baso. “Tama ka. Sana sinabi mo man lang sa ’kin kung sino talaga si Dennis Mariano. Binigyan mo man lang sana ako ng clue.”

“I doubt it. Buo na ang isip mo tungkol kay Dennis.”

“Puwedeng baguhin ang isip.”

“Pero hindi ang sa ’yo. Base na rin sa nakita ko, hindi ka madaling magbago ng isip,” puna niya. “Lagi

ka na bang ganyan? Lagi ka bang naghahanap ng kasagutan sa inaakala mong problema?”

“Lagi, Geraldine. Lagi.”

Naningkit ang mga mata nito sa pagkakatitig sa kanya. Sa wari niya ay siya ang tinutukoy nitong problema. Kinuha niya ang isang throw pillow sa tabi at inilagay iyon sa kanyang likuran, trying to get more comfortable. “Ngayong nakilala mo na si Dennis, natahimik na ba ang loob mo?”

“Oo. Kontento na ‘ko sa nalaman ko kaya wala nang dahilan para alalahanin pa si Mama,” paliwanag nito.

“Bakit ba parang wala kang tiwala sa ibang tao?” komento niya.

“Wala nga. At ang tungkol kay Dennis? Sisiguruhin ko muna kung nagsasabi siya ng totoo.”

“Naghihinala ka pa rin?” aniya, hindi makapaniwala.

“Walang masama kung maniguro man ako, di ba? Pero siyempre nakita ko naman na nagmamahalan silang dalawa. Sana’y magtagal sila, pero kung hindi man, siguro sanay na si Mama pagkatapos ng mga nakaraan niyang relasyon.”

She stared at him. “Know what, Marco? Ikaw na yata ang pinakasuspetyosong tao na nakilala ko.”

“Oh, come on now, Geraldine. Not even you?”

“Me?”

“Ang isang abogadang tulad mo’y dapat lang na maging suspetyosa ka. Hindi lahat ng tao ay nagsasabi ng totoo.” Lumipat ito ng puwesto, naupo sa kanyang tabi. Then he reached out to touch a tendril of her hair.

She went still. “Don’t.”

Tumigil ito sa ginagawa ngunit inilagay ang braso sa kanyang likuran, ipinatong sa sandalan ng couch. Mataman siya nitong pinag-aralan. “Okay, Sabihin mo nga sa akin, lahat ba ng taong kilala mo’y hindi nagsinungaling sa ’yo sa anumang paraan? Sa palagay mo ba walang puwedeng magsinungaling sa ’yo?”

“Magsinungaling man sila sa akin, matutuklasan ko rin naman iyon sa bandang huli. Pero hangga’t hindi ko napapatunayan, iniisip ko pa ring nagsasabi sila ng totoo. I give them the benefit of the doubt, and obviously, kabaligtaran iyon ng nakagawian mo.”

His fingers shifted again at her hair. It felt like

silk, it smelled so sweet. “Tama ka. Sa isip ko, lagi na’y nagsisinungaling ang mga tao sa akin.” And she was a lie.

Nang maramdaman ni Geraldine ang paghaplos nito sa kanyang buhok, bumalik ang excitement sa kanya. Nang huli silang magkalapit ng lalaki, hinalikan siya nito, and she had turned into fire. Kahit ngayon ay nararamdaman na niya ang sensasyon sa kanyang kaibuturan. Napalunok siya nang makailang beses. “At iniisip mong isa rin akong kasinungalingan. Hindi ka nagtitiwala sa akin.”

Hinaplos nito ang kanyang namumulang pisngi. “Tama ka na naman.”

Nararamdaman pa niya ang mabini nitong paghinga na humahaplos sa kanyang mukha. Dapat ay nilayuan niya ang lalaki. But she didn’t. Hindi niya kaya. “Bakit? Ano ba’ng kasalanang nagawa ko sa ‘yo?’”

“Magandang tanong.” He turned his gaze to her mouth. Using his finger, he traced the outline of her soft lips. Bumilis ang tibok ng puso ng dalaga. “Magandang tanong ‘yan,” muli nitong sabi, “pero sa ngayon, pag-iisipan ko kung ano’ng ginagawa mo sa akin...”

He lowered his head and replaced his fingers on her lips with his mouth. And her taste of honey undid him.

Tulad kanina ay hindi ito tinanggihan ni Geraldine. Once again, she turned into fire. Ang unang halik nila ay hindi niya inaasahan, pero ngayon, tila ba inaasahan na niya dahil hinihintay niyang muling maghinang ang kanilang mga labi. Iyon ang dahilan kung bakit hindi siya umiwas.

Unti-unti, napasandal siya sa kinauupuan, and with a growl, Marco followed her, pressing his big body against hers. Iniliyad niya ang katawan. She was hungry, she was needy, she was without thought. Madiin ang paghalik nito at tinugon naman niya iyon.

Anuman ang nangyayari sa pagitan nila ni Marco, dulot lamang iyon ng desire at hindi pagmamahal. No, only the body was involved in this, but it didn't matter. What was happening felt good. Hinigpitan nito ang pagkakayakap sa kanyang katawan, minapula ang kanyang posisyon nang sa gayon ay nakapatong ang kalahati ng katawan ng lalaki sa kanya.

Marco needed the contact. Kailangan niya ang dalaga. Malakas ang kabog ng kanyang dibdib at pakiramdam niya ay isa siyang teen-ager na walang kontrol sa sarili. Gusto niya si Geraldine, hindi niya

alam kung kaya ba niyang tumigil hangga't hindi nasasakop ang lahat-lahat dito. He slipped his hand beneath her skirt, hinaplos ang makinis nitong binti. Napaungol ito sa kanyang ginawa.

“Ano'ng gusto mong gawin ko?” tanong niya na muling hinaplos ang kanyang binti, sliding higher and higher still.

“Stop.”

“Stop what? Kissing you?”

“No.”

“Touching you? Hindi ko kayang gawin.” Hindi niya maipaliwanag kung gaano kakinis at kalambot ang balat ni Geraldine. Nakakalasing. Nahawakan niya ang lace underwear nito.

“Hanggang... diyan ka na lang.” Pain laced her tone. Ni hindi niya masabi ang mga salitang dapat niyang sabihin. Ito na yata ang isa sa pinakamahirap niyang ginawa, dahil kinailangan niya itong pigilan kahit pa nga iba ang isinisigaw ng kanyang isip at katawan.

“Bakit?”

“Dahil,” sabi niya habang nakadikit pa rin ang labi dito, “pagsisisihan lang natin kapag ipinagpatuloy

natin 'to.”

“I won’t.” Pakiramdam nito ay napakasaklap kung hindi nito maaangkin ang babae. Muli siya nitong hinalikan, mariin, matagal. Ang pangangailangan nito sa kanya ay siyang nagpapahirap dito.

Ang mga halik ni Marco ay nagpalutang sa kanyang kamalayan. Hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman. Unconsciously, she moved her hips, and when she did, his finger slipped into her feminine core. His touch felt so good...

Kasabay ng pag-ungol ay napakapit siya sa magkabilang balikat nito, gamit ang natitirang lakas, trying desperately to hold on to reality. But she was lost.

“Marco...”

Tumigil ito sa ginagawa, nilayuan siya at tinungo ang harap ng TV set. Nakatalikod ito sa kanya, nakatingin sa kawalan.

He gasped for air. No, hindi niya kayang tingnan ang babae. Kapag ginawa niya iyon ay sigurado siyang hindi na niya mapipigilan pa ang sarili sa pag-angkin dito. Nag-iinit ang buo niyang pagkatao.

“Marco...”

His jaw clenched. “Sit up, Geraldine.”

Pakiramdam ni Geraldine ay namumula ang kanyang mukha. She was so embarrassed, and the worst part is that her body was still aching for him. Ginawa niya ang sinabi nito, inayos ang sarili. “I’m sorry, Marco.”

“Just shut up, Geraldine.” Lumington ito. “Wag ka nang magsalita pa. Please.”

“Tama ka. Enough has been said, done... pero isa lang ang ipapakiusap ko sa ’yo. Gusto kong umalis ka na ngayon din.”

“Aalis lang ako kung masasabi mo kung ano’ng nangyari sa pagitan nating dalawa.”

Umiling-iling siya. “Hindi ko kaya. Hindi ko alam. Pero isa lang iyong pagkakamali, tama lang na itinigil natin bago pa mahuli ang lahat.”

“Tama? Tama, Geraldine? Kung gan’un bakit ganito ang pakiramdam ko?”

She passed a hand over her hair. “Huwag mo nang pahirapan ang sitwasyon. Umalis ka na, Marco.”

“Pag-iwas ba ang naiisip mong paraan para i-handle ang ganitong sitwasyon?” sumbat nito.

Guilty Pleasures - Olivia Ray

“Kung minsan pag-iwas ang pinakamabuting paraan upang makapag-isip muna nang maayos.”

“Well, it’s *not* my way. Sinisikap kong intindihin agad anumang gumugulo sa isipan ko. At ikaw, Geraldine, ang pinakamahirap intindihin sa lahat. Isa kang misteryo.”